Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG UNANG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-3 NG ENERO, 1996 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. - Pang. Punong-bayan Namuno
2. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
3. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
4. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
5. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad
6. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr.- Kagawad
7. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
8. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
9. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
10. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
11. Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Received by: [signature] Terry Gonzales For Henry Halaring

****

KAPASIYAHAN BLG. 1-'96
(Sa mungkahi ni Kag. Dia na pinangalawahan ni Kag. Camaclang)

ANG KAPASIYAHAN NA NAG-AATAS NG PAGPAPATIGIL NG OPERASYON NG PAGAWAAN NG SASAKYAN NI G. FLOR TANCHICO SA SUBDIBISYON NG SANTA ROSA DE LIMA SA LALONG MADALING PANAHON ALINSUNOD SA INIHAING PETISYON NG MGA NANINIRAHAN SA NABANGGIT NA PAMAYANAN.

YAYAMANG, sa kabila ng pamamagitan ng kapulungan at ng Homeowners Association ng Santa Rosa de Lima Subdivision na magkaroon ng pagkakasundo at pagbibigay ng palugit sa penipetisyon na mabigyan ng pagkakataong makahanap ng kapalit na lugal upang magamit bilang talyer ay mahigpit na tumanggi ang mga nagsipagsumbong na mapagbigyan ang kahilingan ng penipetisyon na mapagkalooban ng limang (5) buwang palugit upang magkaroon sila ng pagkakataong makapaghanap ng lugal na mapaglilipatan ng pagawaan;

YAYAMANG, ang pagawaan ay nasasa lugal ng residensiyal at nagdudulot ng kaguluhan at pinsala sa mga karatig at naaayon lamang sa batas ang kahilingan ng mga nagsisipagpetisyon.

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

RECEIVED BY: DIVINIA L. PADEL / Padel JAN. 12 '96

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pag-aatas ng pagpapatigil ng operasyon ng pagawaan ng sasakyan ni G. Flor Tanchico sa subdibisyon ng Santa Rosa de Lima sa lalong madaling panahon alinsunod sa inihaing petisyon ng mga naninirahan sa nabanggit na pamayanan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-Unang Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-3 ng Enero, 1996.

CYNTHIA N. GOMEZ
Pambayang Kalihim